

Ang Bautismo: *Pakikipag-isa kay Cristo sa Kamatayan at Bagong Buhay* (Unang Bahagi)

By Derick Parfan

April 5, 2009 (Palm Sunday)

Roma 6:1-11

Ano ngayon ang sasabihin natin? Patuloy ba tayong magkakasala upang sumagana sa atin ang kagandahang-loob ng Diyos? ²Hinding-hindi! Tayo'y patay na sa kasalanan, paano pa tayo mamumuhay sa pagkakasala? ³Hindi ba ninyo alam na tayong lahat na nabautismuhan kay Cristo Jesus ay nabautismuhan sa kanyang kamatayan? ⁴Samakatuwid, tayo'y namatay na at nalibing na kasama niya sa pamamagitan ng bautismo upang kung paanong binuhay muli si Cristo sa pamamagitan ng dakilang kapangyarihan ng Ama, tayo rin ay magkaroon ng panibagong buhay.

⁵Sapagkat kung nakasama tayo ni Cristo sa isang kamatayang katulad ng kanyang kamatayan, tiyak na tayo ay makakasama rin niya sa muling pagkabuhay na katulad ng kanyang muling pagkabuhay. ⁶Alam natin na ang dati nating pagkatao ay naipako na sa krus kasama niya, upang mamatay ang ating makasalanang pagkatao at nang hindi na tayo maalipin pa ng kasalanan.

⁷Sapagkat ang namatay na ay pinalaya mula sa kapangyarihan ng kasalanan.

⁸Kung tayo'y namatay nang kasama ni Cristo, naniniwala tayong mabubuhay rin tayong kasama niya. ⁹Alam nating si Cristo nang muling binuhay ay hindi na muling mamamatay. Wala nang kapangyarihan sa kanya ang kamatayan.

¹⁰Nang siya'y mamatay, namatay siya nang minsanan dahil sa kasalanan; at ang buhay niya ngayon ay dahil sa Diyos. ¹¹Kaya dapat din ninyong ituring ang inyong sarili bilang patay na sa kasalanan, ngunit buhay naman dahil sa Diyos, sapagkat kayo'y nakikipag-isa na kay Cristo.

Mula Linggo ng Palaspas hanggang Linggo ng Pagkabuhay, inaalala ng mga Kristiyano (mga totoo man o sa pangalan lang) ang pagkamatay ni Cristo. Iba-iba man ang nagiging motibo ng mga tao sa mga araw na ito, ginagamit ito ng Diyos upang gisinging ang ating mga natutulog na damdamin at pag-alabin ang ating nanlalamig na pananampalataya. Ipinapaalala niya sa atin ang sakripisyo na ginawa ni Cristo para sa ating mga kasalanan. Mahalaga ito sa atin dahil sa pamamagitan nito at ng ating pananampalataya kay Cristo ay mayroon na tayong buhay na walang hanggan.

Bukod sa mensahe ng Kuwaresma, isang mabisang paraan na ginagamit ng Diyos upang ipaalala sa atin ang kahalagahan ng kamatayan ni Cristo ay ang bautismo. Ngunit marami sa atin ang tila nakalimot na sa kahulugan nito at ang halaga nito sa ating pang-araw-araw na pamumuhay bilang mga anak ng Diyos. Tapos na tayong mabautismuhan, ano pa nga ba ang halaga nito sa buhay natin? Gusto kong ipaalala sa inyong mga nabautismuhan na na huwag ninyong kalilimutan ang ibig sabihin ng inyong bautismo. Ganyan ang panawagan ni Pablo sa mga taga-Roma. Kung tayo ay nasa

ilalim na ng biyaya ng Diyos, hindi tayo dapat magpatuloy sa pagkakasala (v. 1). Bakit? Kasi nga patay na tayo sa kasalanan (v. 2). At sa v. 3, "Hindi ba ninyo alam na tayong lahat na nabautismuhan kay Cristo Jesus ay nabautismuhan sa kanyang kamatayan?" Parang sinasabi niya, "Huwag na huwag ninyong kalilimutan ang ibig sabihin ng inyong bautismo! Ipamuhay ninyo ito! Para saan pa't binautismuhan kayo kung magpapatuloy din naman kayo sa pagsuway sa Diyos na nagligtas sa inyo?"

Ang kahulugan ng bautismo ay dapat ding lubos na maunawaan ng mga kapatid nating babautismuhan sa darating na Linggo (Easter). Dapat alam ninyo kung bakit ninyo gagawin ito. Tinitiyak kong kalulugdan ng Diyos ang gagawin ninyo ngunit dapat ninyong malaman ang nais ituro sa inyo ng Diyos sa pamamagitan nito. Kayo na mga nabautismuhan na, saksihan ninyo ang bautismo nila upang makigalak kayong kasama nila at maalala ninyo ang araw na nagpasya kayong sumunod sa tagubilin ni Cristo na magpabautismo tayong lahat na sumasampalataya sa kanya.

Kayong mga nagsasabing taga-sunod na kayo ni Cristo ngunit hanggang ngayon ay hindi pa nagpapabautismo, malalaman ninyo ang kahalagahan nito sa inyong buhay Kristiyano. Dalangin ko na pagkatapos ay lumapit kayo sa amin at sabihin na handa na kayong magpabautismo sa susunod.

Kahit kayo na hanggang ngayon ay hindi pa nagpapasya kung lubos na mananalig kay Cristo para sa inyong buhay na walang hanggan, pakinggan ninyo ang itinuturo ng Salita ng Diyos tungkol sa bautismo na nagpapatotoo ng kaligtasang mayroon ang sinumang nananalig kay Cristo at nagsisisi na sa kanyang mga kasalanan.

Ano ang bautismo? Ang bautismo ay ang minsanang paglulubog sa tubig at pag-aahon muli ng isang taong nananalig kay Cristo bilang pagpapahayag ng kanyang naganap nang pakikipag-isa kay Cristo sa kamatayan at bagong buhay. Upang lubos nating maunawaan ito, magbibigay ako ng ilang mga obserbasyon tungkol sa bautismo ayon sa ating teksto at sa sinasabi ng ilang mga talata pa sa Biblia ukol dito. Sa susunod na Linggo ay tatalakayin natin ang kaugnayan ng ating pakikipag-isa kay Cristo sa bagong buhay na ating dapat na ipinamumuhay, na siya ring ipinapahayag sa bautismo. Nararapat ito bilang tugon sa Linggo ng Pagkabuhay. Ngayon ay paglaanan natin ng pansin ang tungkol sa ating pakikipag-isa sa kamatayan ni Cristo na ipinapahayag sa bautismo.

1. Ang bautismo ay isinasagawa sa kabuuan ng kasaysayan ng Iglesia.

Ang gawaing ito ay isinasagawa ng mga tunay na mananampalataya simula pa sa panahon ng Bagong Tipan. Hindi ito isang bagong ritwal kundi dati na. Nang sabihin ni Pablo sa mga taga-Roma, "Hindi ba ninyo alam na tayong lahat na nabautismuhan kay Cristo Jesus ay nabautismuhan sa kanyang kamatayan?" (v. 3), ipinalalagay niya na ang mga Kristiyanong kausap niya sa sulat niya ay mga nabautismuhan na. Kung sila'y Kristiyano dapat bautismado din. Sigurado si Pablong alam nila ito. Alam nila ang kahulugan nito.

Ito ay malinaw na pinapraktis ng mga mananampalataya noong una pa, maging Judyo man o Hentil. Nagsimula ito nang bautismuhan ng mga alagad ni Jesus ang 3,000 kataong nakapakinig at nanampalataya dahil sa pangangaral ni Pedro. Nang mangaral si Pedro tungkol kay Cristo. Nang sabihin niyang sila'y dapat na magsisi at magpabautismo, "ang mga tumanggap sa sinabi niya ay nagpabautismo, at nadagdagan ang mga alagad ng may tatlong libong katao nang araw na iyon" (Gawa 2:38, 41).

Kaya kung ikaw ay hindi magpapabautismo, hindi ka sumasang-ayon sa matagal nang isinasagawa ng komunidad ng mga taga-sunod ni Cristo. Kung ikaw naman ay magpapabautismo nakikiisa ka sa matagal nang isinasagawa ng mga Kristiyano. Hindi ka nag-iisa, kapatid. Naririto kaming mga nauna na upang saksihan ang iyong pagsunod sa tubig ng bautismo.

2. Ang bautismo ay pagsunod sa utos ni Cristo.

Hindi lamang ito isang ritwal na naisipang gawin ng mga naunang Kristiyano. Ito mismo ay pinag-utos ni Cristo. May dalawang ordinansang itinagubilin Cristo na isagawa natin bago siya bumalik sa langit. Ang isa ay ang Banal na Hapunan (Lord's Supper) na isinasagawa natin tuwing unang Linggo ng buwan. "Gawin ninyo ito sa pag-aalaala sa akin" (Lucas 22:19).

Ang pangalawa ay ang bautismo na minsanan lang isinasagawa sa isang mananampalataya. Kasama ito sa tinatawag nating Great Commission sa iglesia, "Kaya, humayo kayo at gawing alagad ko ang lahat ng bansa. *Bautismuhan ninyo sila* sa ngalan ng Ama at ng Anak at ng Espiritu Santo, at *turuang sumunod* sa lahat ng ipinag-uutos ko sa inyo..." (Mateo 28:19-20). Ang tagubilin sa atin ay magbautismo ng mga tagasunod ni Cristo. Hindi natin ginagawa ang misyon natin kung hahayaan lamang natin ang mga Kristiyano dito sa iglesia na di nababautismuhan. Hindi rin natin sila matuturuang sumunod kung isa sa napakahalagang utos niya ay hindi natin maipatupad.

Nang tanungin ng mga tao si Pedro pagkatapos makinig sa kanyang sermon nang araw ng Pentecoste, "Ano ang gagawin namin?", ito ang sinabi niyang gawin nila, "Pagsisihan ninyo't talikdan ang inyong mga kasalanan at *magpabautismo kayo...*" (Gawa 2:38). Hindi maaaring sabihin mong wala kang pakialam kung mabautismuhan ka man o hindi. Maliwanag itong iniutos ni Cristo at ng kanyang mga nahirang na mga apostol. Ang hindi pagpapabautismo ay pagsuway sa kalooban ni Cristo na tinatawag mong Panginoon. Kung ngayon ay nasa puso mo na ang pagnanais na mabautismuhan, kinalulugdan iyan ng Diyos.

3. Ang bautismo ay isinasagawa sa pamamagitan ng paglulubog sa tubig at pag-aahon mula dito.

Paano isinasagawa ang bautismo? Ang isang taong nagpapabautismo ay lubusang inilulubog sa tubig at muling iniaahon kaagad. Taliwas ito sa itinuturo ng iba na sapat na ang pagwiwisik (*sprinkling*) o pagbubuhos (*pouring*) ng kaunting tubig sa taong

binabautismuhan. Nasaksihan ko itong isinasagawa sa ibang simbahan. Bagamat hindi ito dapat maghati-hati sa atin bilang magkakapatid kay Cristo na may iba-ibang paniniwala dito, mahalaga na malaman natin kung bakit ang tama at biblikal na paraan ng bautismo ay paglulubog sa tubig.

Magbibigay ako ng tatlong dahilan. Ang una ay may kinalaman sa kahulugan ng orihinal na salitang Griyego na ginamit dito. Paglulubog sa tubig (*to plunge, immerse*) ang pangunahing kahulugan ng salitang Griyegong *baptizo* na isinalin na bautismo (*baptism*). Kung literal natin itong gagamitin, magiging ganito ang salin, “Ilubog ninyo sila sa tubig” o kaya’y “magpalubog kayo sa tubig.” Sa mga talatang makikita natin ang pagbabautismo, hindi ito nangangahulugan ng pagwiwisik kundi paglulubog sa tubig.

Ang pangalawa ay ang ebidensya galing sa mga salaysay ukol sa mga taong nabautismuhan. Narito ang ilang mga halimbawa. Si Jesus ay binautismuhan ni Juan sa Ilog Jordan. Bakit kailangang sa ilog pa kung magwiwisik lang naman? Pagkatapos niyang mabautismuhan, ayon sa salaysay ni Markos, “*Pagkaahung-pagkaahon* ni Jesus sa tubig... (Markos 1:9-10). Umahon si Jesus dahil siya ay inilubog. Ngunit hindi lamang sa Jordan nagbabautismo si Juan. “Si Juan ay nagbabautismo rin naman sa Enon, malapit sa Salim, *sapagkat maraming tubig doon*” (Juan 3:23). Kailangan ng maraming tubig upang magpautismo. Kung kaunti ay hindi mailulubog o mahihirapang ilubog ang isang tao. Nang magpabautismo ang isang pinunong taga-Etiopia na nabahaginan ni Felipe, ano ang nangyari? “*Lumusong* silang dalawa sa tubig at binautismuhan siya ni Felipe. *Pagkaahon* nila sa tubig...” (Gawa 8:38-39).

Ang pangatlo at ang pinakamahalaga ay ang kahulugan ng bautismo na makikita lamang nang malinaw sa paglulubog sa tubig. Sabi ni Pablo, “tayo’y namatay na at *nalibing* na kasama niya sa pamamagitan ng bautismo...” (Roma 6:4). “Nang kayo’y bautismuhan, *nalibing* kayong kasama ni Cristo at *muling nabuhay* na kasama niya” (Colosas 2:12). Ang simbolismo ng paglulubog at pag-aahon sa tubig ang malinaw na makapagpapakita ng ating pagkakalibing (paglulubos sa tubig) sa ating mga kasalanan at ang ating muling pagkabuhay (pag-aahon mula sa tubig) dahil kay Cristo. Hindi ito maipapakita ng pagwiwisik o pagbubuhos.

Bakit mahalagang maunawaan natin na paglulubog sa tubig ang biblikal na pamamaraan ng bautismo? Dahil nakasalalay dito ang tamang pagkakaunawa natin ng mensaheng nais ipahatid ng Diyos sa pamamagitan ng ritwal na ito.

4. Ang bautismo ay pagpapahayag ng ating naganap nang pakikipag-isa sa kamatayan ni Cristo.

Ano ang mensaheng ito? Ang mensaheng ipinapahayag sa bautismo ay ang ating naganap nang pakikipag-isa sa kamatayan ni Cristo (at sa kanyang muling pagkabuhay, na pagtutuunan natin ng pansin sa susunod na Linggo). Tanong ni Pablo, “Hindi ba ninyo alam na tayong lahat na nabautismuhan kay Cristo Jesus ay nabautismuhan sa kanyang kamatayan” (Roma 6:3)? Ang sagot? Alam ninyo! Alam natin ‘yan. Ito ay pakikipag-isa sa kamatayan ni Cristo. Malinaw itong sinasabi din sa Colosas, “Nang

kayo'y bautismuhan, nalibing kayong kasama ni Cristo at muling nabuhay na kasama niya" (2:12). Nang mamatay si Cristo, dahil sa ating pananampalataya sa kanya, namatay na rin tayong kasama niya. Ito ang ibig sabihin ng bautismo.

Pansinin ninyo ang tatlong pangyayaring nakapaloob dito. Ang una ay ang kamatayan ni Cristo na nangyari sa Kalbaryo. Sa pamamagitan nito, ang pagtingin sa atin ng Ama ay pagtingin niya sa *naganap* nang kamatayan ng kanyang Anak. Ang pangalawa ay ang pananalig natin kay Cristo at sa pagtubos na ginawa niya para sa atin. Sa pamamagitan nito, personal na *naranasan* natin ang kamatayan ni Cristo. Ang pangatlo ay ang pagbabautismo sa atin sa pangalan ni Cristo. Ito ang *nagpapahayag* na naranasan na natin ang kamatayan ni Cristo. Ang kamatayan ni Cristo ay *naganap* (sa Kalbaryo), *naranasan* (nang sumampalataya tayo), at *nahayag* (sa bautismo).¹

Mahalaga ang tamang pagkakasunud-sunod nito. Kung babaligtarin natin, magkakamali tayo sa pagkaunawa sa bautismo. Ang isang pagkakamali ay ang paniniwala na ang bautismo ay isang paraan upang maligtas. Kaya't nais kung bigyang-diin na...

5. Ang bautismo ay hindi paraan upang maligtas, ito'y larawan lamang ng kaligtasang naganap na.

Sasabihin nang ilang naniniwala na kailangan ang bautismo sa pagliligtas, hindi ba't sinabi ni Pablo, "Tayo'y namatay na at nalibing na kasama niya *sa pamamagitan ng bautismo*" (Roma 6:4)? Ang pakikipag-isa natin ay nangyari noong tayo ay mabautismuhan? Hindi! Nangyari ito noong unang sumampalataya tayo sa kanya. Huwag nating paghahaluin ang larawan sa inilalarawan nito. Ang bautismo ay larawan. Ang isinasalarawan ay ang pakikipag-isa natin kay Cristo sa kanyang kamatayan. Ganundin sa 1 Pedro 3:21, "Ang tubig ay larawan ng *bautismong nagliligtas* ngayon sa inyo." Hindi ang bautismo ang nagliligtas, kundi ang isinasalarawan nito.

Ang *wedding ring* ay larawan ng pakikipag-isa ko kay Jodi bilang asawa. Ito ay simbolo. Hindi ito nangangahulugan na hindi na kami iisa bilang mag-asawa tuwing tatanggalin ko ito sa aking daliri o kaya'y maiwala ko ito. Ito'y larawan at napakagandang larawan ng *commitment* namin bilang mag-asawa. Gayundin sa bautismo. Kung wala ito, hindi nangangahulugang wala ang pakikiisa ko kay Cristo sa kaligtasang binayaran niya sa krus. Ito'y larawan lamang, ngunit magandang larawan.

Ang iba naman ay ginagamit ang sinabi ni Jesus sa Markos 16:16 para patunayang ang hindi magpabautismo ay hindi maliligtas, "Ang sinumang sumampalataya at mabautismuhan ay maliligtas, ngunit ang ayaw sumampalataya ay paparusahan." Kung ako ay sumasampalataya at nabautismuhan, alam kong maliligtas ako. Ngunit hindi ibig sabihin na kapag hindi ako nabautismuhan hindi ako maliligtas. Kung gayon dapat sinabi sa pangalawang bahagi ng talata na "ang ayaw sumampalataya *at ayaw magpabautismo* ay paparusahan." Ang sinabi lang ay ang ayaw sumampalataya ang

¹ Ang talatang ito ay hango sa sermon ni John Piper, "United with Christ in Death and Life, Part 2" (Romans 6:1-7) na ipinangaral niya noong October 1, 2000 sa Bethlehem Baptist Church sa Minneapolis, Minnesota. Ang manuscript ng sermon ay matatagpuan sa www.desiringGOD.org.

mapaparusahan. Hindi ibig sabihin na kapag kayong babautismuhan pa lang sa susunod na Linggo ay namatay mamaya ay magdurusa kayo sa impiyerno magpasawalang-hanggan.

Sinabihan ba ni Cristo ang magnanakaw na nasa kanyang tabi na magpabautismo muna siya bago siya sumama sa paraiso? Hindi! Sinabi niya, "Ngayon din isasama kita sa paraiso" (Luke 23:43). Bakit? Kasi nanalig siya kay Cristo. Ang pananampalataya ang instrumento hindi ang bautismo. Ang katuruang nakapagliligtas ang bautismo ay salungat sa malinaw na turo ng Bibliya na pananampalataya lamang ang paraan upang maligtas tayo, hindi anumang gawang mabuti tulad ng bautismo. "Napawalang-sala na tayo dahil sa ating pananalig sa ating Panginoong Jesu-Cristo" (Roma 5:1). "Hindi na hahatulang maparusahan ang mga nakipag-isa kay Cristo Jesus" (8:1). "Dahil sa kagandahang loob ng Diyos ay naligtas kayo *sa pamamagitan ng inyong pananampalataya kay Cristo*...Hindi ito dahil sa inyong mga gawa [tulad ng pagpapabautismo]..." (Efeso 2:8-9).

Ang bautismo ay larawan ng kaligtasang mayroon na tayo. Hindi ito ang paraan upang maligtas. Kung tayo'y mamamatay at haharap sa Diyos sa paghuhukom, hindi niya hahanapin ang ating *Baptismal Certificate*, ang titingnan niya ay ang puso nating sumasampalataya sa kanyang Anak na si Jesus. Mahalaga ang bautismo, dahil ito ay pagkilala sa awtoridad ni Jesus bilang Panginoon natin at bilang pagpapahalaga sa biyayang tinanggap natin. Napakagandang larawan man ang ipinapakita nito, hindi ito makapagliligtas. Huwag kayong padaya sa sinumang magtuturo ng salungat dito.

6. Ang bautismo ay isinasagawa para lamang sa mga nagpapahayag na sila ay nananalig kay Cristo, samakatuwid ay hindi para sa mga sanggol.

Kung mauuna dapat ang pananalig kay Cristo bago ang pagpapabautismo, malinaw na hindi dapat bautismuhan ang mga sanggol at mga batang wala pa sa hustong pag-iisip na magpasya sa kanilang pagsunod kay Cristo. Hindi dahil Kristiyano ang magulang ay ganun na din ang anak.

Nang magpabautismo si Lydia at ang kanyang sambahayan (Gawa 16:15), nangangahulugan ba itong kasama ang mga sanggol? Hindi ba't bago bautismuhan si Lydia ay ibinukas muna ng Diyos ang kanyang puso at siya'y naniwala sa ipinapangaral ni Pablo (v. 14)? Hindi ba dapat ganun din muna ang mangyari sa sinuman sa kanyang sambahayan bago sila bautismuhan? Ang bantay sa bilangguan nila Pablo sa Filipos ay nabautismuhan din at ang kanyang buong sambahayan (16:33). Nangyari lamang ito nang ipahayag sa buong sambahayan ang salita ng Diyos (v. 32). Ibig sabihin ba'y kasama dito ang mga sanggol na nakinig at naniwala?

Kung ang sinasabi ni Pablo na "ang lahat ng nabautismuhan kay Cristo ay pinananahanan ni Cristo" (Galacia 3:27), paano naman ito magiging tama sa mga sanggol na nabautismuhan? Sila ba'y pinananahanan na ni Cristo? Hindi pa. Pananahanan lamang sila ni Cristo kung sila ay mananalig kay Cristo. At darating ang araw na iyon na sila ay may sapat nang pag-iisip upang magpasya para sa kanilang sarili. Ngunit hangga't sila'y bata pa, responsibilidad ng mga magulang na Kristiyano

at nabautismuhan na na ipaliwanag sa kanila ang daan ng kaligtasan sa pamamagitan ni Cristo. At kung sila'y nagpasyang magsisi at sumunod na kay Cristo isang araw, ipaliwanag ninyo sa kanila kung bakit kailangan ang bautismo bilang bahagi ng kanilang bagong buhay.

7. Ang bautismo ay malinaw na nagpapaalala na tayo'y hindi na dapat mamuhay sa pagkakasala.

Hindi man ito paraan upang tayo ay mapawalang-sala ng Diyos, ang bautismo ay instrumento ng Diyos upang patuloy tayong mamuhay nang ayon sa kanyang kalooban, at hindi na ayon sa kapangyarihan ng kasalanan. Ang bautismo ang ginamit ni Pablo na argumento (v. 3) sa kanyang mensahe sa mga taga-Roma, "Ano ngayon ang sasabihin natin? Patuloy ba tayong magkakasala upang sumagana sa atin ang kagandahang-loob ng Diyos? Hinding-hindi! Tayo'y patay na sa kasalanan, paano pa tayo mamuhay sa pagkakasala?" (vv. 1-2). Binayaran ni Cristo ang kasalanan natin hindi upang magkaroon tayo ng lisensya na magkasala. "Alam natin na ang dati nating pagkatao ay naipako na sa krus kasama niya, upang mamatay ang ating makasalanang pagkatao at nang hindi na tayo maalipin pa ng kasalanan. Sapagkat ang namatay na ay pinalaya mula sa kapangyarihan ng kasalanan" (vv. 6-7).

Sa tuwing nagkakasala tayo, binabalewala natin ang kahulugan ng ating bautismo. Para tayong isang lalaking may asawa na tinatanggal ang kanyang singsing kung nais niyang makiapid sa isang babae. Ngunit kahit tanggalin niya ito, dapat niyang alalahanin na siya'y kasal at may asawa. Mahalagang tingnan niya ang singsing at isipin ang kahulugan nito. Gayundin sa bautismo. Tingnan mo ang simbolong ito at alalahanin ang ibig sabihin nito.

Naalala ko ang isang taong nabautismuhan. Bago siya bautismuhan, inilabas niya ang isang pakete ng sigarilyo, ipinakita sa mga tao, at inihagis sa kabilang bakod. Nagpalakpakan ang mga tao. Ilang buwan ang nakaraan pagkatapos ng bautismo, balik na naman sa bisyo ng paninigarilyo at pangangalunya. Hindi ito ang disenyo ng bautismo. Nais ng Diyos ang tuluyang pagtalikod hindi lamang sa mga bisyong kita ng ibang tao kundi sa lahat ng mga kasalanang itinatago din natin sa iba. Namatay si Cristo, nagsisi at sumampalataya tayo, at nabautismuhan hindi upang magpatuloy sa pagsisinungaling, pagpatay ng kapwa-tao sa pamamagitan ng galit o paninirang puri, pangangalunya sa pamamagitan ng pagtingin nang malaswa sa babae, pagpapabaya sa pagpapalaki ng mga anak, paggastos sa pera na parang iyo ang lahat ng tinatanggap mo, katamaran, kadalaldalan sa mga bagay na walang kabuluhan at di makatutulong, hindi pagpapatawad at hindi paghingi ng tawad. Mga kapatid, wala na tayo sa ilalim ng kapangyarihan ng kasalanan. Nakay Cristo na tayo. Ipamuhay natin ito.

Mga kapatid, magpabautismo kayo! Kung nabautismuhan na, alalahanin ninyo ang bautismo. Ipamuhay ito. Talikuran ang anumang gawang kasalanan sa Diyos. Iyan ang disenyo ng Diyos sa bautismo.